PRAYER

- Ipagdasal na matupad ang kalooban ng Diyos sa inyong buhay.

- Sama-samang manampalataya para sa mga tila'y imposibleng mga bagay na hinihiling ninyo sa Diyos (Mateo 18:20; Efeso 3:20) at ipanalangin ang bawat isa.

- Ipanalangin ang kaligtasan ng inyong mga kaibigan at pamilya.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Every Nation Leadership Institute
Inilathala ng EVERY NATION PRODUCTIONS
P.O. Box 12229 Ortigas Center, Pasig City, Philippines

NOTES

CONNECT

- Kung may isa kang gustong itanong sa Diyos, ano yun? Bakit?

- Ano na ang pinakamakapangyarihang makinarya o gadget na alam mo? Bakit mo ito tinuturing na ganun?

- Ano na ang pinakamalaking sagot sa panalangin ang iyong natanggap galing sa Diyos? Ikwento ito sa grupo.

WORD

WHAT

What does the Bible say?

[1]Ang sagot naman ni Job kay Yahweh:[2]"Alam kong magagawa mo ang lahat ng bagay, anumang balakin mo'y walang makahahadlang."

Job 42:1,2

Isa sa mga katangian ng Diyos ang Kanyang pagiging makapangyarihan. Ang kapangyarihan at awtoridad ng Diyos ay walang-hanggan at magagawa Niya ang anumang gusto Niyang gawin. Ipapaliwanag pa ito ng mas mabuti ng mga sumusunod na puntos.

- **Ang Diyos ay may kapangyarihang gawin ang Kanyang kalooban.**
  Ang Diyos nami'y nasa langit, naroroon ang Diyos namin, at ang kanyang ginagawa ay kung ano ang ibigin.

  Awit 115:3

  May kakayahan at kapangyarihan ang Diyos upang tuparin ang gusto Niyang mangyari. Makikita natin ito sa buong Bibliya kung saan palaging natutupad ang kalooban ng Diyos at lahat ng Kanyang sinasabi ay nangyayari. Papaano tayo natutulungan ng katotohanang ito upang magtiwala pang lalo sa Salita at mga pangako ng Diyos?

- **Ang Diyos ay may kapangyarihang gawin ang Kanyang mga plano at balak.**
  Sa simula pa'y hinulaan ko na at aking inihayag kung ano ang magaganap. Sinabi kong ang balak ko'y tiyak na mangyayari, at gagawin ko ang lahat ng gusto kong gawin.

  Isaias 46:10

  May plano at balak ang Diyos para sa lahat at Siya ay may kapangyarihang tuparin ang Kanyang mga balak, kahit para sa ating mga buhay (Awit 138:8). Sa Kanyang Salita, binibigyan Niya tayo ng kasiguruhan na walang imposible para sa Kanya (Lucas 1:37; Marcos 10:27). Papaano natin malalaman ang mga plano ng Diyos? Bakit mahalaga para sa atin ang malaman at pumasailalim sa kalooban ng Diyos?

- **Ang Diyos ay may kapangyarihang iligtas tayo.**
  Kaya naililigtas Niya nang magpawalang-hanggan ang mga lumalapit sa Diyos sa pamamagitan Niya, sapagkat palagian Siyang nabubuhay at nakapamamagitan para sa kanila.

  Hebreo 7:25

  Binigyan na tayo ng kaligtasan ng Diyos para sa pinakamatindi nating pangangailangan: sa pamamagitan ng Kanyang Anak na si Jesus na namatay para sa atin, naililigtas tayo sa ating mga kasalanan at sa walang-hanggang kamatayan. Siya ay may kapangyarihan upang patuloy tayong iligtas, protektahan, at bigyang kasiguruhan ang ating mga mamanahin sa langit (1 Pedro 1:3-5). Dahil ginagawa ito ng Diyos para sa atin, gaano natin Siya mapagkakatiwalaan na tayo ay Kanyang matutulungan sa iba pa nating mga pangangailangan (Roma 8:32)?

SO WHAT ***What is the relevance of the Word to my life?***

- Sa pagbabasa mo ng Kanyang Salita, ano sa tingin mo ang kalooban ng Diyos para sa buhay mo ngayon? Ano naman ang para sa iyong pamilya, trabaho, at bansa?
- Kung ikaw ay magbabalik-tanaw, anong mga plano ng Diyos ang naging totoo sa buhay mo? Sa anong mga pagkakataon naman nahadlangan ang Kanyang mga plano para sa iyo? Ano kaya ang naging sanhi nito?
- Sa anong mga bahagi ng buhay mo kailangan ang kaligtasan ng Diyos ngayon?

NOW WHAT ***How do I apply the Word to my life?***

- Ano ang magagawa mo simula ngayon upang mabago ang iyong pag-iisip at piliin mong lalo pang sundin ang kalooban ng Diyos imbis na ang gusto mo?
- Papaano mo pa higit na malalaman ang mga plano ng Diyos para sa iyo? Anong mga praktikal na hakbang ang magagawa mo upang maisakatuparan ito?
- Sino sa mga kilala mo ang alam mong kailangang makarinig tungkol sa kaligtasang handog ng Diyos? Kailan mo maibabahagi ang Magandang Balitang ito sa kanila?